REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod

# KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 99-021

## KAUTUSANG PANLUNGSOD NA NAGKAKALOOB NG INSENTIBO PARA SA MGA MANLALARO/ATLETA NA MAGKAKAMIT NG MATAAS NA KARANGALAN SA GINAGANAP NA PANDAIGDIGANG PALARO.

***********************************************************************

Nagpanukala: **Kgg. Dante S. Almario**

Kasamang Nagpanukala:
**Kgg. Lucio B. Constantino**
**Kgg. Victor L. Ulanday**
**Kgg. Mario E. Bulay, Jr.**
**Kgg. Reynaldo A. Abas, Jr.**
**Kgg. Elmer S. Espeleta**
**Kgg. Aldrin L. San Pedro**
**Kgg. Raul R. Corro**
**Kgg. Jo Jason T. Alcaraz**
**Kgg. Patricio L. Boncayao, Jr.**
**Kgg. Bal Niefes**
**Kgg. Nicanor L. Echavez, MD.**
**Kgg. Artemio A. Simundac**
**Kgg. Allan Rey A. Camilon**

***********************************************************************

**SAPAGKAT,** ang pagkakaroon ng isang manlalaro/atleta na makapagbibigay ng titulo bilang **"WORLD CHAMPION"** o **"medalist"** sa Olympic, SEA Games o ASEAN Games ay napakalaking karangalan di lamang sa bansa kundi maging sa lokal na Pamahalaan na kanyang pinaninirahanan;

**SAPAGKAT,** sa panahon ng mga pagsasanay ang mga atleta ay ibinubuhos ang kanilang buong panahon bilang paghahanda sa paligsahan na kadalasan ay napapabayaan ang ibang oportunidad upang makapamuhay ng maginhawa sa hinaharap;

**SAPAGKAT,** karamihan sa mga manlalaro/atleta na matapos gugulin ang kanilang kalakasan at ilaan ang kanilang buhay sa mga pagsasanay at paglahok sa mga paligsahan na hindi naihanda ang mga sarili sa pagreretiro ay naging mahirap sa kanilang pamumuhay;

**NGAYON, DAHIL DITO,** upang maitaas ang antas ng pamumuhay ng mga malalaro/atleta at bilang paghimok sa mga nagnanais lumahok sa mga Pandaigdigang Paligsahan, isinasabatas ng Sangguniang Panlungsod ang mga sumusunod:

**Seksiyon 1.** ***Titulo*** **– INSENTIBO PARA SA MGA MANLALARO/ATLETA NA MAGKAKAMIT NG MATAAS NA KARANGALAN SA MGA GINAGANAP NA PANDAIGDIGANG PALARO.**

Victor L. Ulanday

**Seksiyon 2.** ***Kahulugan ng mga salita.*** Ang sumusunod na salita ay mangangahulugan ayon sa isinasaad ng kautusang ito:

a. ***Pandaigdig na Paligsahan*** – paligsahan na isinasagawa na nagkakaroon ng titulo bilang "World Champion" o pagkakamit ng medalya (ginto, pilak, tanso) sa Olympics, SEA Games, o ASEAN Games.

b. ***Manlalaro/atleta*** – taong nagkamit ng pinakamataas na karangalan bilang "World Champion" o nakatamo ng medalya (ginto, pilak, tanso) sa Olympics, SEA Games, o ASEAN Games.

c. ***World Champion*** – manlalaro o atleta na nagkampeon sa buong mundo na opisyal na kinikilala ng Games and Amusement Board (GAB).

d. ***Medalist ng Olympic, SEA Games, o ASEAN Games*** – manlalaro o atleta na nagkamit ng medalyang ginto, pilak o tanso na opisyal na kinikilala ng ***Philippine Sports Commission*** **(PSC)** o ***Philippine Olympic Committee*** **(POC)**.

**Seksiyon 3.** ***Sakop.*** Ang mga manlalaro/atleta na naninirahan ng hindi kukulangin sa isang (1) taon at rehistradong botante sa Lungsod ng Muntinlupa bago nakamit ang medalya. Kung ang magtatamo ng medalya ay isang koponan (team), iyon lamang kasapi ng koponan na naninirahan sa Lungsod ng Muntinlupa ang magkakamit ng isentibo.

**Seksiyon 4.** ***Halaga ng Insentibo.*** Ang Insentibo ay ipagkakaloob ayon sa sumusunod:

a. **World Champion** – Sampung Libong Piso (P10,000.00) kada buwan

b. **Olympic Medalist**

1) **Gold** – Sampung Libong Piso (P 10,000.00) kada buwan
2) **Silver** – Pitong Libo Limang Daang Piso (P 7,500.00) kada buwan
3) **Bronze** – Limang Libong Piso (P 5,000.00) kada buwan

c. **SEA Games at ASEAN Games Medalist:**

1. **Gold** –Limang Libong Piso (P 5,000.00) kada buwan
2. **Silver** – Tatlong Libong Piso (P 3,000.00) kada buwan
3. **Bronze** – Dalawang Libong Piso (P 2,000.00) kada buwan

**Seksiyon 5.** Ang insentibo ay ipagkakaloob ng Pamahalaang Lungsod simula sa buwan ng pagkakamit ng karangalan. Ito ay magpapatuloy buwan-buwan hanggang sa siya ay naninirahan sa Lungsod ng Muntinlupa. Sa sandaling ang benipisyaryo ay lumipat ng tirahan, ang insentibo ay puputulin.

**Seksiyon 6.** ***Pagmumulan ng Pondo.*** Ang pondo ay kukunin taun-taon sa nakalaang apropraSyon sa ***General Fund – Special Projects, Sports Development Program,*** simula sa taong 2000. Sakaling magkaroon ng manlalaro/atleta na ma-qualify para sa taong ito, ang insentibo ay maaaring ipagkaloob kung mayroong pondong pagkukunan ***(subject to availability of funds).***

**Seksiyon 7.** Ang halaga ng insentibo na ipagkakaloob ay maaaring rebisahin tuwing ika-limang (5) taon.

**Seksiyon 8.** ***Pagkakabisa.*** Ang kautusang ito ay magkakabisa kaagad matapos na mapagtibay.

**PINAGTIBAY,** ng ***Sangguniang Panlungsod*** ng Muntinlupa ngayong **15 Pebrero 1999**, sa kanilang **ika-dalawampu't siyam (29th) na Regular na Sesyon.**

**SINANG-AYUNAN:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Konsehal*

**VICTOR L. ULANDAY**
*Konsehal*

***Mggl.* RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**DANTE S. ALMARIO**
*Konsehal*

***Mggl.* JO JASON T. ALCARAZ**
*Konsehal*

**ELMER S. ESPELETA**
*Konsehal*

**REYNALDO A. ABAS, *Jr.***
*Konsehal*

**BAL NIEFES**
*Konsehal*

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

***Dr.* NICANOR L. ECHAVEZ**
*Konsehal*

**MARIO E. BULAY, *Jr.***
*Konsehal*

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo, Samahan ng mga*
*Punongbarangay*

**ALLAN REY A. CAMILON**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo, Pederasyon ng*
*Sangguniang Kabataan*

**PINATOTOTOHANAN,** ko ang katumpakan ng Kautusang ito.

**NECITO M. GUICO**
*Kalihim*
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUNAYAN:**

***Mggl.* PATRICIO L. BONCAYAO, *Jr.***
*Konsehal/Punong Panghapagang Mayorya*

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*
Petsa: _______

***Norie***